

# Plano ba ninyong bumoto sa pamamagitan ng koreo sa susunod na eleksyon?



## Tiyaking mabibilang ito!

**Sundin ang sumusunod na apat na simpleng hakbang para matiyak na mabibilang ang inyong balota:**

### 1 I-check ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon bilang botante

Dahil sa kamakailang pagbabago sa batas ng estado, awtomatiko nang makatatanggap ng mga balota sa koreo ang lahat ng rehistradong botante para sa lahat ng eleksyon. Para matiyak na maipapadala sa inyong kasalukuyang address ang inyong balota, i-check ang inyong address, at kung kinakailangan, i-update ang inyong impormasyon sa inyong rekord bilang botante sa [voterstatus.sos.ca.gov](http://voterstatus.sos.ca.gov) o sa pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

### 2 I-check ang inyong mailbox humigit kumulang isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon

Makatatanggap kayo ng paketeng vote-by-mail isang buwan bago ang bawat Araw ng Eleksyon, na naglalaman ng opisyal na balota, pambalik na sobre na bayad na ang selyo, mga instruksiyon sa pagboto at "Bumoto Ako!" na sticker. Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong pakete ng balota sa loob ng panahong iyon, bumisita sa [sfelections.org/voterportal](http://sfelections.org/voterportal) para masubaybayan ang inyong balota o humiling ng pamalit na balota, o kaya ay tumawag sa (415) 554-4310 para sa tulong.

### 3 I-check ang mga instruksiyon bago markahan ang inyong balota

Bago ninyo markahan ang inyong balota, kumpirmahin kung ang sobre ay naka-address sa inyo at basahin nang maigi ang lahat ng instruksiyon. Kung kayo'y nagkamali, sundin ang mga instruksiyon para humiling ng pamalit na balota. (Maaari din kayong pumunta online sa [sfelections.org/access](http://sfelections.org/access) para markahan at i-print ang balotang PDF at gamitin ang pambalik na sobreng kalakip sa inyong paketeng vote-by-mail upang ibalik ang balotang PDF.) **Siguraduhin na kompletuhin at pirmahan ang pambalik na sobre!**

### 4 I-check ang inyong mga opsiyon sa pagbabalik ng balota at kumpirmahin na natanggap ito


Matapos ninyong makompleto, mapirmahan, at maselyohan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, magpasya kung paano ninyo ito ibabalik: sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa alinmang opsiyal na kahon ng hulugan ng balota (para sa mga lokasyon, bumisita sa [sfelections.org/ballotdropoff](http://sfelections.org/ballotdropoff) o tumawag sa (415) 554-4310), sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan. **Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon ngunit nang hindi lalampas sa Araw ng Eleksyon** (kailangang malagyan ng postmark hanggang sa Araw ng Eleksyon ang mga balotang ipapadala sa koreo; ang mga balota namang ibabalik nang personal ay kailangang maihulog nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon).

Para kumpirmahin ang katayuan ng inyong balota at kung ito ay natanggap na, bumisita sa [sfelections.org/voterportal](http://sfelections.org/voterportal) o tumawag sa (415) 554-4310, o magpalista para mapadalhan ng awtomatikong mga notipikasyon sa text, email, o voice message sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](http://wheresmyballot.sos.ca.gov).



# Mahahalagang Paalala!

**Siguraduhing pirmahan ang likod ng pambalik na sobre ng inyong balota, na nagpapatunay sa inyong pagkakakilanlan at elihibilidad sa pagboto!**




Huwag na huwag pipirma sa pambalik na sobre ng balota na para sa ibang tao.

**Tiyakin na ang pirma ninyo sa inyong pambalik na sobre ng balota ay maikukumpara sa pirma ninyo sa inyong rekord ng rehistrasyon bilang botante!**



Kung hindi kayo sigurado kung ano ang itsura ng inyong pirma sa inyong rekord bilang botante o kung nagbago na ang inyong pirma, mangyaring muling magparehistro upang makaboto.

**Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon!**



Bigyang atensyon ang mga petsa na kailangang malagyan ng postmark at matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong balota at huwag ipagpaliban ang pagbalik hanggang sa pinaka-huling oras.

Kapag nakatanggap ang Departamento ng mga Eleksyon ng balota na hindi maaaring bilangin (tulad ng kung hindi pinirmahan ng botante ang pambalik na sobre o hindi maipagkumpara ang pirma), sisikapin namin na makipag-ugnayan sa botante para bigyan sila ng abiso kung paano maiwawasto ang isyu sa tamang panahon. Gayunpaman, hinihikayat namin kayo na bigyang pansin ang mga instruksiyon na kalakip ng inyong paketeng vote-by-mail para maiwasan ang anumang isyu sa inyong balota.

**May mga Tanong pa ba Kayo Tungkol sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?**

 (415) 554-4310

 City Hall, Room 48

 [SFVote@sfgov.org](mailto:SFVote@sfgov.org)

 [sfelections.org](http://sfelections.org)